JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines

Department of Education

Zest for Progress
Zeal of Partnership

10

# Filipino

## Ikatlong Markahan- Modyul 1: Mitolohiya mula sa Kenya



Pangalan: ___________________________________________

Baitang/Seksyon: ____________________________________

Paaralan: ___________________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** July G. Saguin

**Editor:** Lindo O. Adasa, Jr.

**Tagasuri:** July G. saguin
Maricel B. Jarapan

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar, Jr.

**Tagalapat:** July G. Saguin, Peter Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO VI
Oliver B. Talaoc, Ed. D.
Dr. Ella Grace M. Tagupa, Ed .D.
Lindo O. Adasa Jr.
Jephone P. Yorong , Ed.D.



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- ❖ Makapagpapaliwanag sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia. **(F10PN-IIIa-76)**
- ❖ Makasusuri ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya batay sa suliranin ng akda, kilos at gawi ng tauhan at desisyon ng tauhan. **(F10PB-IIIa-80)**
- ❖ Makapagbibigay-puna ang napanood na video clip. **(F10PD-IIIa-74)**
- ❖ Mapangangatuwiranan ang sariling reaksiyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/ pagtatalo. **(F10PS-IIIa-78)**
- ❖ Magagamit nang angkop ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika. **(F10WG-IIIa-71)**



# Balikan

**Panuto:** Basahin ang tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.) Ano ang tawag sa isang natatanging kuwento na tumatalakay sa kultura, sa mga diyos o bathala at ang kanilang mga karanasan sa pakikisalamu-ha sa mga tao?
A. nobela C. maikling kuwento
B. epiko D. mitolohiya

2.) Alin sa mga elemento ng mitolohiya ang tumutukoy sa maraming kapa-na-panabik na pangyayari, nakatuon sa mga suliranin at kung paano malulutas at magng sa ugnayan ng tao at ng mga diyos at diyosa?
A. tauhan C. banghay
B. tagpuan D. tema

3.) Bakit mahalaga ang mitolohiya?
A. Mahalaga ang mitolohiya upang maipaliwanag ang pagkalikha ng mundo at mga natural na pangyayari.
B. Mahalaga ang mitolohiya upang makilala ang mga diyos at diyosa.
C. Mahalaga ang mitolohiya upang makabasa ng isang kuwentong kamangha-mangha.
D. Mahalaga ang mitolohiya upang malinang ang kahusayan sa pagbasa.

4.) Alin sa mga sumusunod ang HINDI katangian ng mitolohiya?
A. Tumatalakay sa pagkakalikha ng mundo, pagbabago ng panahon at interaksiyong nagaganap sa araw, buwan at daigdig.
B. Walang kaugnayan ang tagpuan sa kulturang kinabibilangan at sinaunang panahon.

C. Nakatuon sa pagpapaliwanag sa mga natural na pangyayari.
D. Ipinapakita ang ugnayan ng tao at ng mga diyos at diyosa.

5.) Alin sa mga elemento ng mitolohiya ang tumutukoy sa pagpapaliwanag sa natural na mga pangyayari, pinagmulan ng buhay sa daigdig, pag-uugali ng tao, mga paniniwalang panrelihiyon, katangian at kahinaan ng tauhan at mga aral sa buhay?

A. tauhan
B. tagpuan
C. banghay
D. tema

_____
5

| Aralin 1 | Mitolohiya mula sa Kenya |
|---|---|



# Tuklasin

**Gawain 1:** Pagpapanood sa isang maikling video clip ng mitolohiya mula sa Africa na “ Mashya at Mashyana: Mito ng Pagkalikha” mula sa https://youtu.be/mJP--8vMB0w



Gabay na tanong: **(2 puntos)**

1. Batay sa napanood na video clip, paano nagsimula ang suliranin ng mga tauhan sa akda?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

2. Bakit tumulong sina Mashya at Mashyana sa pakikipaglaban kay Ahriman Mainyu? Makatuwiran ba ito? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

____
4

**Gawain 2:** Piliin at salungguhitan sa loob ng panaklong ang angkop na salin sa salitang nakaitalisado na makikita sa patlang.

Noong unang (1.) _time_ (bagyo, oras, panahon) ang kalangitan at kalupaan ay mag-asawa. Sila ay may dalawang anak na sina Langit at Tubigan. Sila ay may kani-kaniyang (2.) _covered_ (palaruan, nasasakupan, palayan). Si Langit ay diyosa ng (3.) _galaxy_ (lupain, kalawakan, kalangitan), at si (4.) _pond_ (tubigan, kalikasan, katubigan) naman ay diyosa ng katubigan. Sina Langit at Tubigan ay (5.) _married_ (nag-iibigan, nagpakasal, magkababata) at ang naging anak nila ay apat, tatlo ang lalaki at isa ang babae. Si Dagat ay (6.) _chic_ (makisig, mayabang, mabait), malakas na lalaki at ang katawan ay mulato. Si Adlaw ay (7.) _cheerful_ (masayahin, masigla, mainam) na lalaki na ang katawan ay ginto. Si Bulan ay isang (8.) weak (maginoong, mahinang, matabang) lalaki na ang katawan ay kulay tanso. Si Bitoon ang (9.) _only_ (tanging, maraming, isang) babae na maganda ang katawan at kulay (10.) _silver_ (pilak, ginto, tanso).

Sanggunian: Ikasampung Baitang Modyul para sa Mag-aaral Edisyon 2015

____
10

Sa araling ito, matutunan mong **suriin ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya ng Kenya** batay sa suliranin ng akda, kilos at gawi ng tauhan at desisyon ng tauhan maging ang **angkop na paggamit ng mga pamantayan sa pagsasaling-wika.**



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto.**

## Liongo

Isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles

Isinilang si Liongo sa isa sa pitong bayang nasa baybaying- dagat ng Kenya. Siya ay nagmamay-ari ng karangalan bilang pinakamahusay na makata sa kanilang lugar. Malakas at mataas din siya tulad ng isang higante, na hindi nasusugatan ng ano mang mga armas. Ngunit kung siya'y tatamaan ng karayom sa kaniyang pusod ay mamamatay siya. Tanging si Liongo at ang kaniyang inang si Mbwasho ang nakakaalam nito. Hari siya ng Ozi at Ungwana sa Tana Delta at Shangha sa Faza o isla ng Pate.

Nagtagumpay siya sa pananakop ng trono ng Pate na unang napunta sa kanyang pinsang si Haring Ahmad (Hemedi) na kinilalang kauna-unahang namuno sa Islam. Ang pagbabago ay naging mabilis mula sa Matrilinear na pamamahala ng mga kababaihan tungo sa Patrilinear na pamamahala ng mga kalalakihan sa pagsasalin ng trono. Nais ni Haring Ahmad na mawala si Liongo kaya ikinadena at ikinulong siya nito. Nakaisip si Liongo ng isang pagpupuri. Habang ang parirala (Refrain) nito ay inawit ng mga nasa labas ng bilangguan, bigla siyang nakahulagpos sa tanikala na hindi nakikita ng bantay. Nang makita ito ng mga tao, tumigil sila sa pag-awit. Tumakas siya at nanirahan sa Watwa kasama ang mga taong naninirahan sa kagubatan . Nagsanay siyang mabuti sa paghawak ng busog at palaso na kinalaunan ay nanalo siya sa paligsahan ng pagpana. Ito pala'y pakana ng hari upang siya ay madakip at muli na naman siyang nakatakas. Kakaunti lang ang nakaaalam tungkol sa matagumpay na pagwawagi ni Liongo sa digmaan laban sa mga Gala (Wagala). Kaya naibigay ng hari ang kaniyang anak na dalaga upang ang bayaning si Liongo ay mapabilang sa kaniyang pamilya. Nang lumaon si Liongo ay nagkaanak ng isang lalaki na nagtraydor at pumatay sa kaniya.

-Mula sa http://www.a-gallery.de/docs/mythology.htm

**Pagsasaling-wika**

Ang pagsasaling-wika ay ang paglilipat sa pinagsasalinang wika ng pinakamalapit na katumbas na diwa at estilong nasa wikang isasalin. Ang isinasalin ay ang diwa ng talata at hindi ang bawat salita na bumubuo rito. (Santiago, 2003)

**Mga Katangiang Dapat Taglayin ng Isang Tagapagsalin**

1. Sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot. Nakukuha niya ang kahulugan ng kaniyang isinasalin o siya'y mahusay na. Kumokonsulta sa diksyonaryo. Nauunawaan niya ang maliit na himaymay ng kahulugan at halagang pandamdamin taglay ng mga salitang gagamitin

2. Sapat na kaalaman sa gramatika ng dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin. Ang kaalaman sa gramatika ng dalawang wika sa pagsasalin ay kailangang-kailangan ng tagapagsalin sa pagsusuri ng diwang nais ipabatid ng awtor, gayundin sa wastong paggamit ng mga salita, wastong pagkakabuo, at pagsusunod-sunod.
3. Sapat na kakayahan sa pampanitikang paraan ng pagpapahayag. Ang kakayahang magsalita sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin at kaalaman sa gramatika ay hindi sapat para makapagsalin. Kaya kung ang lahat ng salin ay patas, nagiging higit na mahusay na tagapagsalin ang manunulat.
4. Sapat na kaalaman sa paksang isasalin. Marapat na ang tagapagsalin ay may higit na kaalaman sa paksa. Sapagkat siya ay higit na nakaalam at makauunawa sa mga konseptong nakapaloob dito.
5. Sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin.

Walang higit na mabisa kaysa ibang wika. Ang lahat ng wika ay ay may sariling bisa at kakayahan bilang kasangkapan sa pagpapahayag ng kulturang Pilipino.

**Mga Gabay sa Pagsasaling-wika**

Basahing mabuti ang buong tekstong isasalin at unawain ang kabuuang diwa nito. Tandaang mahalaga para sa tagapagsalin na magkaroon ng malawak na kaalaman sa wikang isasalin at sa wikang pagsasalinan. Mahalaga rin ang kakayahang magsulat nang maayos at maging pamilyar sa mga estilo ng pagsulat sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin.

1. Isagawa ang unang pagsasalin. Isaisip na ang isasalin ay diwa ng isasalin at hindi salita.
2. Basahin at suriing mabuti ang pagkakasalin. Tandaang ang pagdaragdag, pagbabawas, pagpapalit, o pagbabago sa orihinal na diwa ng isinasalin nang walang napakalaking dahilan ay isang paglabag sa tungkulin ng tagapagsalin.
3. Rebisahin ang salin upang ito'y maging totoo sa diwa ng orihinal. Ayusin ang bahaging hindi malinaw at nagbibigay ng kalituhan. Bigyang-pansin din ang aspektong panggramatika ng dalawang wikang kasama sa pagsasalin.

Kung gagamit ng diksyunaryo ay isasaalang-alang ang iba't ibang kahulugan ng isang salita. Kakailanganin ng isang mag-aaral ang pagsasanay upang makuha ang kahulugang angkop sa konteksto ng pangungusap.

Sanggunian: Ikasampung Baitang Modyul para sa Mag-aaral Edisyon 2015



# Pagyamanin

**I. Panuto:** Suriin ang kaisipang nakapaloob sa mitolohiya sa pamamagitan ng pagpili sa titik ng angkop na kasagutan. Isulat ang sagot sa patlang.

____1.) Ano ang suliraning kinaharap ng pangunahing tauhan sa akda?
A. Si Liongo ay mamatay kung tatamaan ng karayom sa kaniyang pusod.
B. Ang pagiging higante ni Liongo na hindi nasusugatan ng ano mang mga armas.
C. Ang paghahangad ng kanyang pinsang si Haring Ahmad na mawala si Liongo.
D. Ang pagbabago ay naging mabilis mula sa Matrilinear na pamamahala ng mga kababaihan tungo sa Patrilinear na pamamahala ng mga kalalakihan sa pagsasalin ng trono.

____2.) Paano mo ilalarawan ang ikinilos ng pangunahing tauhan na nagresulta sa suliraning kanyang kinaharap?
A. Naging matapang si Liongo dahil wala itong kinakatakutan kahit sino man ang kanyang makakalaban.
B. Naging sakim sa kapangyarihan si Liongo dahil nagawa nitong sakupin ang kaharian ng pinsang si Haring Ahmad.
C. Naging marahas si Liongo dahil hindi ito tinatablan ng kahit anomang sandata.
D. Naging magiting na mandirigma si Liongo dahil naipanalo nito ang lahat ng kanyang pakikipaglaban sa mga kaaway.

____3.) Nagtagumpay si Liongo sa desisyong agawin ang tronong pinamunuan ng kanyang pinsan. Sumasang-ayon ka ba sa desisyon niyang ito?
A. Oo, sapagkat taglay niya ang mga katangian upang maging karapat-dapat na pinuno.
B. Oo, sapagkat tinalo niya ang kanyang mga kalaban.
C. Hindi, sapagkat nakamit niya ito sa di makatuwirang paraan.
D. Hindi, sapagkat marami ang nasawi sa kanyang ginawang pananakop.

____4.) Alin sa kilos o gawi ni Liongo ang masasalamin sa kasalukuyang pangyayari sa ating lipunan?
A. Likas sa tao ang pagiging matapang.
B. Likas sa tao ang hindi marunong makuntento.
C. Likas sa tao ang paghahangad na magtagumpay.
D. Likas sa tao ang makipaglaban.

____5.) Ano ang kaisipang nais bigyang-diin sa akda?
A. Ang kapangyarihan ng tao ay di maaaring maagaw ninuman.
B. Ang kapangyarihan nakamit sa di makatuwirang paraan ay

mawawala sa gayong kaparaanan.
C. Kahit sariling anak ay maaaring magtraydor sa kanyang ama.
D. Kadalasang itinatago ng ina ang lihim ng anak.

______
5

**II. Panuto:** Piliin at isulat sa angkop na hanay ang naging pagkakatulad at pagkakaiba ng mitolohiya ng Africa na "Mashya at Mashyana" sa mitolohiya ng Kenya na " Liongo".

| | | |
|---|---|---|
| | Tauhan | Tema/ Paksa |
| Tagpuan | Mensahe | Pangyayari/ Banghay |

| PAGKAKATULAD | PAGKAKAIBA |
|---|---|
| | |

______
5



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto:** Gamit ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika, isulat sa patlang ang angkop na salin sa mga sumusunod na pahayag.

1.) speak calmly ______________________

2.) Study hard ______________________

3.) Take a nap ______________________

4. ) Wait a minute ______________________

5.) Congratulations ______________________

**Gawain B**

**Panuto:** Gamit ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika, isulat sa patlang ang angkop na salin sa mga sumusunod na pangungusap.

1.) How are you? ______________________________

2.) What are you doing? ______________________________

3.) I want to call you. ______________________________

4.) I'm always thinking of you. ______________________________

5.) I'm glad to meet you. ______________________________

_____ / 10



# Isaisip



Sa modyul na ito, natutuhan kong suriin ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya ng Persia batay sa 1.______________________, kilos at gawi ng tauhan, at 2.______________________.

Napag-alaman ko rin na ang 3.__________________ ay ang paglilipat sa pinagsasalinang wika ng pinakamalapit na katumbas na diwa at estilong nasa wikang isasalin.

Para sa mabisang pagsasalin, mahalagang angkop na magamit ang mga 4. ________________ sa pagsasagawa nito at may angkop na mga 5. __________________ na dapat taglayin ang isang tagapagsalin.

_____ / 5



# Tayahin

**I. Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

___1.) Ano ang katangiang taglay ni Liongo kaya't naging matagumpay siyang mandirigma?
A. Mahusay na makata
B. Magaling umawit
C. Mataas gaya ng higante
D. Di nasusugatan ng anumang armas

___2.) Alin sa mga naging desisyon ni Liongo ang nagpabago sa takbo ng kanyang buhay?
A. Panatiling lihim ang paraan kung paano siya mapapaslang.
B. Sakupin ang trono ng Pate na unang pinamunuan ng kanyang pinsan si Haring Ahmad.
C. Pagtakas ni Liongo at paninirahan sa Watwa.
D. Pagpapakasal ni Liongo sa anak ng hari.

___3.) Alin sa mga sumusunod ang TOTOO ukol sa pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia?
A. Ang mitolohiya ng Africa at Persia ay may pagkakatulad sa mga tauhan.
B. Ang mitolohiya ng Africa at Persia ay may pagkakatulad sa tagpuan.
C. Ang mitolohiya ng Africa at Persia ay may pagkakatulad sa banghay.
D. Ang mitolohiya ng Africa at Persia ay may pagkakaiba sa tema/paksa.

___4.) Batay sa akda, anong kilos o gawi ang ipinapakita ng mga tauhan?
A. pagiging marahas upang manatili sa kapangyarihan
B. paggamit ng agimat upang magtagumpay
C. pagiging traydor sa kalaban upang magtagumpay
D. paglilihim sa taglay na kapangyarihan

___5.) Alin ang kasabihang angkop na maiuugnay sa mitolohiyang "Liongo"?
A. Walang lihim na hindi nabubunyag.
B. Ang tunay na matapang, nag-iisip bago lumaban.
C. Kung ano ang itinanim ay siya ring aanihin.
D. Ang katotohanan ang magpapalaya sa iyong kasalanang nagawa.

____6.) Lahat ay katangiang dapat taglayin ng isang tagapagsalin maliban sa isa. Alin ito?
A. Sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot.
B. Sapat na kaalaman sa gramatika ng dalawang wika.
C. Sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansa.
D. Sapat na kaalaman sa kasaysayan ng dalawang bansa.

____7.) Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagiging kamalian o kahinaan sa pagsasalin?
A. Nagbabago ang diwa ng orihinal
B. Madaling maunawaan ang kahulugan

C. Maling pili ng terminolohiya
D. Maling anyo ng gramatika

| Panuto: Gamit ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika, piliin ang pinakamabisang salin sa mga sumusunod. |
|---|

____8.) “Tis better to have loved and lost than never loved at all.
A. Mabuti pa ang umibig kaysa masaktan lamang.
B. Mabuti pa ang magmahal kaysa ikaw ang mahalin.
C. Mabuti pa ang masaktan ngayon kaysa bukas pa roon.
D. Mabuti pa ang umibig at masaktan kaysa hindi umibig kailanman.

____9.) “ A negative mind will never give you a positive life.”
A. Ang isip na negatibo ay hindi magbibigay ng buhay na positibo.
B. Ang kaisipang negatibo ay hindi ka mabibigyan ng positibong buhay.
C. Ang negatibong pag-iisip ay hindi maghahatid ng magandang pamumuhay.
D. Ang pag-iisip ng negatibo ay hindi magbibigay ng positibong buhay.

____10.) “Laws grind the poor and the rich man rule the law.”
A. Ang mga batas ang nagpapahirap sa mga aba habang ang mayayaman ang nagpapatakbo sa batas.
B. Mapalad ang mga mayayaman sapagkat sila ang nakapangyayari sa mga mahihirap.
C. Walang pagkakapantay-pantay sa ilalim ng batas.
D. Ang batas ay ginawa upang lalong pahirapan ang mahihirap at pagaanin ang buhay ng mayayaman.

____
10



# Karagdagang Gawain

Ipagpalagay na magdaraos ng impormal na debate o pagtatalo sa inyong klase ukol sa proposisyong “ Makatuwiran ba ang ginawa ni Liongo na angkinin ang trono ng pinsang si Haring Ahmad?”. Bilang paghahanda, susulat ka ng maikling pangangatwuwiran ukol sa panig na iyong ipaglalaban o paninindigan. Gawing batayan ang rubrik sa pagkuha ng puntos sa bubuohing pangangatuwiran. ***(15 puntos)***

**RUBRIK SA PAGSULAT NG PANGANGATUWIRAN**

| **Pamantayan** | **5** | **3** | **1** |
|---|---|---|---|
| **Paksa/ Kaisipan** | Lubhang malinaw at maayos ang mga kaisipang naipahayag . May 3 | May naipahayag o nabangggit na limitadong | Walang mainam na kaisipang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | o higit pang kaisipang nabanggit tungkol sa paksa. | kaisipan tungkol sa paksa. | ipinahayag tungkol sa paksa. |
| **Pangangatu-wiran** | May sapat na katibayang iniharap sa pangangatuwiran | Walang gaanong iniharap na pangangatuwiran. | Walang iniharap na katibayan sa pangangatuwiran. |
| **Mekaniks** | Walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura. | May bahagyang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura. | Maraming pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura. |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. D
2. C
3. A
4. B
5. D

**Tuklasin:**

1. panahon
2. nasasakupan
3. kalawakan
4. katubigan
5. nagpakasal
6. makisig
7. masayahin
8. mahina
9. tanging
10. pilak

**Pagyamanin**

I.

1. C
2. B
3. C
4. D
5. B

II.

PAGKAKATULAD
Tema/Paksa
Mensahe

PAGKAKAIBA
Tagpuan
Pangyayari/ Banghay
Tauhan

**Gawain A**

1. Magsalita nang mahinahon
2. Mag-aral nang mabuti
3. Umidlip ka
4. Sandali lang
5. Binabati kita

**Gawain B**

1. Kumusta ka?
2. Ano ang ginagawa mo?
3. Gusto kong tawagan ka.
4. Lagi kitang iniisip.
5. Ikinagagalak kong makilala ka.

**Isaisip**

1. suliranin ng akda
2. kilos/gawi ng tauhan
3. desisyon ng tauhan
4. pagsasaling-wika
5. gabay
6. tagapagsalin

**Tayahin**

1. D
2. B
3. D
4. C
5. C
6. D
7. B
8. D
9. C
10. A

***Sanggunian:***

Ambat, Vilma, et. al. (2015). Filipino 10, Pantikang Pandaigdig ( Modyul para sa mga Mag-aaral). Vibal Group, Inc., pp. 243-252

**Internet**

https://youtu.be/mJP--8vMB0w

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.